

## PAUNAWA NG WALANG DISKRIMINASYON

---

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sinusunod ng Kagawaran ng Kalusugan sa Pag-uugali ng Alameda County (Alameda County Behavioral Health Department, ACBHD) ang mga batas sa karapatang sibil ng Estado at Pederal. Ang ACBHD ay hindi nagdidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o tumatrato ng kakaiba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, pinagmulan, nasyonalidad, etnikong grupong pagkakakilanlan, edad, kapansanan sa isip, kapansanan sa pisikal, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o sekswal na oryentasyon na labag sa batas.

Nagbibigay ang ACBHD ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan para tulungan silang makipag-usap nang mas mahusay, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter ng sign language
  - Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malalaking letra, braille, audio, o naa-access na elektronikong format)
- Mga libreng serbisyo sa wika para sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, tulad ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter
  - Isinulat ang impormasyon sa iba pang wika

Kung kailangan mo ng mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng serbisyo o tumawag sa ACBHD ACCESS sa 1-800-491-9099 (TTY: 711. O, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, **tawagan ang 711 (California State Relay)**. Kapag hiniling, puwedeng maging available sa iyo ang dokumentong ito sa braille, malalaking letra, audio, o mga naa-access na elektronikong format.

### KUNG PAANO MAGHAHAIN NG REKLAMO

Kung naniniwala ka na hindi naibigay ng ACBHD ang mga serbisyong ito o na nagtatangi sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, pinagmulan, nasyonalidad, etnikong grupong pagkakakilanlan, edad, kapansanan sa isip, kapansanan sa pisikal, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o sekswal na oryentasyon na labag sa batas., maari kang maghain ng reklamo sa Tanggapan ng Tulong sa Konsyumer (Consumer Assistance Office) ng ACBHD. Maaari kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng telepono, nang nakasulat, o nang personal:

- Sa pamamagitan ng telepono: Makipag-ugnayan sa Tulong sa Consumer (Consumer Assistance) sa pagitan ng 9am-5pm, Lunes hanggang Biyernes, sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-779-0787. O, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, tawagan ang 711 (California State Relay).
- Nang nakasulat: Punan ang form ng karaingan o gumawa ng sulat at ipadala ito sa:

**Consumer Assistance**  
**2000 Embarcadero Cove, Suite 400**  
**Oakland, CA 94606**

- Nang personal: Bisitahin ang tanggapan ng iyong provider o sa Mental Health Association, 2855 Telegraph Ave, Suite 501, Berkeley, CA 94705, at sabihing nais mong maghain ng karaingan.
- Available ang mga Form ng Karaingan online, bisitahin ang:  
<https://www.acbhcs.org/plan-administration/file-a-grievance/>.

---

## **TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA (CALIFORNIA DEPARTMENT OF HEALTH CARE SERVICES)**

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Health Care Services), Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil (Office of Civil Rights) sa pamamagitan ng telepono, nang nakasulat, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa 916-440-7370. Kung hindi ka nakakapagsalita o nakakarinig nang maayos, pakitawagan ang 711 (California State Relay).
- Nang nakasulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:  
**Department of Health Care Services Office of Civil Rights**  
**P.O. Box 997413, MS 0009**  
**Sacramento, CA 95899-7413**  
Available ang mga form ng reklamo sa: <https://www.dhcs.ca.gov/discrimination-grievance-procedures>
- Elektronikong Paraan: Magpadala ng email sa [CivilRights@dhcs.ca.gov](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov).

---

## **TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – KAGAWARAN NG MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN AT PANTAO NG U.S. (U.S. DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES)**

Kung sa tingin mo ay nakaranas ka ng diskriminasyon batay sa iyong lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo sa karapatang sibil sa Kagawaran ng mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao ng U.S., Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, sa pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka nakakapagsalita o nakakarinig nang maayos, pakitawagan ang **711 (California Relay)/TDD: 1-800-537-7697**.
- Nang nakasulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:  
**U.S. Department of Health and Human Services**  
**200 Independence Avenue, SW**  
**Room 509F, HHH Building**  
**Washington, D.C. 20201**
- Available ang mga form ng reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.
- Elektronikong Paraan: Bisitahin ang Portal ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>